ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA

HEROIN

Smack
Skag
H
Junk
Horse

drugfreeworld.ph

BAKIT GINAWA ANG BOOKLET NA ITO

Maraming usap-usapan tungkol sa mga droga sa mundo—sa mga lansangan, sa eskuwelahan, sa Internet at sa TV. Ang ilan sa mga ito ay totoo, ang ilan ay hindi.

Sa katunayan, marami sa mga naririnig ninyo tungkol sa mga droga ay nanggagaling sa mga nagbebenta ng mga ito. Umamin ang mga nagbagong-buhay na nagbebenta ng droga na sasabihin nila ang kahit na ano para mapabili ang ibang tao ng ng droga.

Huwag magpapaloko. Kailangan mo ng mga katotohanan para makaiwas na malulong sa mga droga at matulungan ang iyong mga kaibigang lumayo sa mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit namin inihanda ang booklet na ito—para sa iyo.

Mahalaga ang inyong opinyon sa amin, kaya umaasa kaming makarinig mula sa inyo. Maaari ninyo kaming bisitahin sa **drugfreeworld.ph** at i-e-mail kami sa **info@drugfreeworld.ph.**

HEROIN: ANO BA ITO?

Ang heroin ay isang nakakalulong at ilegal na droga. Ginagamit ito ng milyong adik sa buong mundo na hindi kayang mapaglabanan ang udyok na patuloy na gumamit ng drogang ito araw-araw sa kanilang buhay—alam na kapag tumigil sila, haharapin nila ang hilakbot ng withdrawal (biglaang pagtigil sa paggamit sa isang gamot o droga na nagdudulot ng hindi magandang epekto sa katawan at isipan).

Ang heroin (tulad ng opium at morphine) ay gawa mula sa mga resin ng halamang poppy. Ang mala-gatas at mala-dagtang opium ay inaalis muna mula sa supot ng buto ng bulaklak na poppy. Ang opium na ito ay ginagawang puro para makagawa ng morphine, at pagkatapos ay ginagawa pang mas puro para makagawa ng iba't ibang klase ng heroin.

Karamihan sa mga klase ng heroin ay itinuturok, lumilikha ng karagdagang panganib para sa gumagamit, na humaharap ng mga panganib na may kinalaman sa AIDS o iba pang impeksiyon na karagdagan sa hirap na dala ng pagkalulong.



Pinutol ng heroin ang komunikasyon ko sa buong mundo. Itinakwil ako ng mga magulang ko. Hindi na ako ginustong makita ng mga kaibigan at mga kuya ko. NAGING MAG-ISA AKO."

— Suzanne

ANG MGA PINAGMULAN NG HEROIN

Ang heroin ay unang nilikha noong 1898 ng Bayer pharmaceutical company ng Alemanya at ibinebenta bilang gamot para sa tuberculosis at para na rin bilang gamot sa pagkalulong sa morphine.

ISANG MALUPIT NA SIKLO

Noong mga 1850, ang pagkalulong sa opium ay isang napakalaking problema sa Estados Unidos. Ang "solusyon" ay ang bigyan ang mga adik sa opium ng mas mahina at "hindi nakaka-adik" na pamalit—morphine. Hindi naglaon, ang pagkalulong sa morphine ay naging isang mas malaking problema kaysa sa pagkalulong sa opium.



Tulad ng sa opium, ang problema sa morphine ay nilutas ng isa pang "hindi nakaka-adik" na pamalit—heroin, na lumabas na mas nakaka-adik pa kaysa morphine. Kasabay ng problema sa heroin ay isa pang "hindi nakaka-adik" na pamalit—ang drogang kilala ngayon bilang methadone. Unang nilikha noong 1937 ng mga Alemang siyentipikong nagnanais na makatagpo ng isang pampamanhid na maaaring gamitin sa mga operasyon, iniluwas ito sa Estados Unidos at pinangalanang "Dolophine" noong 1947 para sa merkado. Binago ang pangalan at ginawang methadone, hindi naglaon ay malawak na ginamit ang droga bilang gamot sa pagkalulong sa heroin. Sa kasawiang palad, lumabas na mas nakaka-adik pa ito kaysa sa heroin.

Noong huling banda ng 1990, ang porsiyento ng pagkamatay ng mga adik sa heroin ay tinatantiyang kasing-taas ng 20 beses na mas mataas kaysa sa nalalabing bahagi ng populasyon.

ANO ANG HITSURA NG HEROIN?

Sa pinakapuro nitong anyo, ang heroin ay isang pino at puting pulbos. Ngunit kadalasan, matatagpuan itong kulay na pinaghalong rosas at abo, kulay kahoy o itim. Ang kulay ay nanggagaling sa mga ihinahalo dito na ginamit para pahinain ang lakas nito, na puwedeng asukal, kape o iba pang sangkap. Paminsan-minsan, ang pang-kalyeng heroin ay "kina-cut" (ginagawa) sa pagdaragdag ng strychnine o iba pang lason. Ang iba't ibang ihinahalo rito ay hindi tuluyang humahalo, at kapag itinurok ang mga ito sa katawan ay puwede nitong mabarhan ang ugat na tumutungo sa mga baga, bato o utak. Ito mismo ay maaaring humantong sa impeksyon o pagkasira ng mahahalagang lamang-loob.



Hindi alam ng gumagamit na bumibili ng heroin sa kalsada ang tunay na lakas ng drogang nasa partikular na paketeng iyon. Sa gayon, ang mga gumagamit ay kadalasang nasa panganib na masobrahan.

Ang heroin ay maaaring iturok, langhapin o singhutin. Sa unang beses na gamitin ito, ang droga ay lumilikha ng pakiramdam ng pagiging high. Ang tao ay maaaring makaramdam na extroverted sila, may kakayahang makipag-usap sa ibang tao nang madali at maaaring makaranas ng pakiramdam ng mas mahusay na sekswal na kakayahan—pero hindi ito nagtatagal.

Ang heroin ay talagang nakaka-adik at napakahirap ng pagtigil dito. Mabilis na nasisira ng droga ang resistensya ng isang tao, sa wakas ay ginagawang sakitin ang isang tao, payat na payat at buto't balat, at sa huli ay patay.

MGA SIKAT NA TAWAG para sa HEROIN

- Big H
- H
- Junk
- Skag
- Horse
- Smack
- Thunder
- Hell Dust
- Nose Drops

Mula sa araw na nagsimula akong gumamit, hindi na ako tumigil. Sa loob lamang ng isang linggo ay nagsimula ako sa pagsinghot ng heroin at tumuloy ito sa pagtuturok. Sa loob lamang ng isang buwan ay naadik na ako at ginagamit na ang lahat ng naipon ko. Ibinenta ko na ang lahat ng mahalaga sa akin at hindi naglaon ay pati na rin ang lahat ng mahalaga sa ina ko. Sa loob ng isang taon, nawala na sa akin ang lahat.

"IBINENTA KO ANG KOTSE, NAWALAN AKO NG TRABAHO, PINAALIS SA BAHAY NG NANAY KO, MAY $25,000 NA UTANG SA CREDIT CARD, AT NAKATIRA SA MGA KALSADA NG CAMDEN, NEW JERSEY.

Nagsinungaling ako, nagnakaw, nandaya.

"Ginahasa ako, binugbog, ninakawan, inaresto, walang tahanan, maysakit at walang pag-asa. Alam kong walang puwedeng magkaroon ng ganoong klaseng buhay nang napakatagal at alam kong nalalapit na ang kamatayan. Kung anuman, ang kamatayan ay mas mabuti kaysa sa buhay bilang isang adik." — Alison

PANDAIGDIGANG ESTADISTIKA

Tinatayang 13.5 milyong tao sa mundo ang gumagamit ng mga opioid (parang opium na mga substansya), kabilang na ang 9.2 milyong gumagamit ng heroin.

• Noong 2007, 93% ng suplay ng opium ng buong mundo ay nanggaling sa Afghanistan. (Ang opium ay ang hilaw na materyales para sa suplay ng heroin.) Ang kabuuang halaga ng pagluluwas nito ay mga $4 bilyon, kung mula saan tatlong kapat nito ay napunta sa mga mangangalakal nito. Mga kapat ang napunta sa mga Afghanong magsasaka ng opium.

• Inulat ng National Survey on Drug Use and Health (Pambansang Sarbey sa Paggamit ng Droga at Kalusugan) ng 2007 ang 153,000 na gumagamit ng heroin sa Estados Unidos noong 2007. Ang ibang tantiya ay nagsasabing kasing-taas ito ng mga 900,000.

• Ang mga opiate, sa pangunahin ay heroin, ay kabilang sa apat sa bawat limang kamatayang may kinalaman sa droga sa Europa, ayon sa isang ulat noong 2008 mula sa European Monitoring Centre on Drugs and Drug Addiction

• Ang mga opiate, sa pangunahin ay heroin, ang bumubuo sa 18% ng mga tinatanggap para sa panggagamot na may kinalaman sa droga at alkohol sa Estados Unidos.



Katumbas ng droga ang kamatayan. Kapag wala kang ginawa para makaalpas dito, mamamatay ka. Ang maging adik ay ang makulong. Sa simula, iisipin mong ang droga ay kaibigan mo (pakiramdam mo ay tinutulungan ka nitong matakasan ang mga bagay o mga pakiramdam na bumabagabag sa iyo). Pero hindi magtatagal ay malalaman mo na lamang na gumigising ka sa umaga't ang tanging iniisip mo na lang ay droga.

"Ang buong araw mo ay nauubos sa paghahanap o paggamit ng droga. Naha-high ka buong hapon. Sa gabi, pinapatulog mo ang sarili mo gamit ang heroin. At nabubuhay ka para doon lamang. Ikaw ay nasa isang bilangguan. Patuloy mong iniuuntog ang ulo mo sa isang pader, walang tigil, ngunit wala kang kahahantungan. SA KAHULI-HULIHAN, ANG BILANGGUAN MO ANG IYONG NAGIGING KULUNGAN." — Sabrina

AGARANG PINSALA: Ang unang mga epekto ng heroin ay kinabibilangan ng bugso ng pakiramdam—isang "rush." Ito ay kadalasang sinasamahan ng mainit na pakiramdam ng balat at tuyot na bunganga. Minsan ang pangunahing reaksiyon ay kinabibilangan ng pagsusuka o matinding pangangati.

Pagkatapos na mawala ang pangunahing mga epektong ito, nagiging mahiluhin nang ilang oras ang gumagamit. Bumabagal ang pangunahing mga gawain ng katawan tulad ng paghinga at pagtibok ng puso.

Sa loob ng ilang oras pagkatapos na bumaba na ang mga epekto ng droga, magsisimula nang maghanap pa ng mas marami ang katawan ng adik. Kapag hindi siya makakuha ng susunod na tama, magsisimula siyang makaranas ng withdrawal. Kinabibilangan ang withdrawal ng matinding pisikal at pangkaisipang mga sintomas na nararanasan kung ang katawan ay hindi agad binibigyan ng kasunod na dosis ng heroin. Ang mga sintomas ng withdrawal ay kinabibilangan ng pagiging hindi mapakali, mga sakit at kirot sa mga buto, pagtatae, pagsusuka at matinding pagkabalisa.

Ang matinding high na ninanais ng gumagamit ay nagtatagal lamang nang ilang minuto. Sa patuloy na pagagamit, kailangan niya ng tumataas na antas ng mga droga para lamang maging "normal" ang kanyang pakiramdam.

PANANDALIANG MGA EPEKTO:

- **"Rush"**
- **Napabagal na paghinga**
- **Malabong pag-iisip**
- **Pagkaduwal at pagsusuka**
- **Pagkakalmado; pagkahilo**
- **Hypothermia (mas mababa sa normal na temperatura ng katawan)**
- **Coma o pagkamatay (dahil sa pagkasobra)**

PANGMATAGALANG MGA EPEKTO

Ang mga epekto sa katawan mula sa patuloy na paggamit ng drogang ito ay talagang nakasisira. Ang madalas na pagtuturok ay maaaring magdulot ng nasirang mga ugat at humantong sa mga impeksyon ng ugat at mga barbula ng puso. Puwedeng magkaroon ng tuberculosis* mula sa pangkalahatang mahinang kondisyon ng katawan. Ang arthritis ay isa pang pangmatagalang resulta ng pagkalulong sa heroin.

Ang withdrawal sa heroin ay isang nakakatakot na karanasan na nagsisimulang magpahirap sa katawan sa loob ng ilang oras ng huling pagtira.

Ang buhay-adik—kung saan ang mga gumagamit ng heroin ay kadalasang naghihiraman ng kanilang mga karayom—ay humahantong sa AIDS at iba pang nakahahawang mga impeksiyon. Tinatayang sa mga 35,000 bagong impeksiyon ng hepatitis C2 (sakit sa atay) bawat taon sa Estados Unidos, higit sa 70% ay mula sa mga gumagamit ng droga na gumagamit ng mga karayom.

"Naniniwala ang mga tao na ang heroin ay pambihira, pero sa katotohanan ay nawawala sa iyo ang lahat: trabaho, mga magulang, mga kaibigan, tiwala sa sarili, ang tahanan mo. Ang pagsisinungaling at pagnanakaw ay nagiging kagawian. Wala ka nang ginagalang, tao man o bagay." — Pete

* tuberculosis: isang nakahahawang sakit na nakaaapekto sa mga baga at iba pang mga lamang-loob.

PANGMATAGALANG MGA EPEKTO

- Hindi magandang lagay ng mga ngipin
- Pamamaga ng mga gilagid
- Pagka-tibe
- Pagpapawis nang malamig
- Pangangati
- Paghina ng resistensiya
- Coma
- Mga karamdaman sa paghinga
- Pagkahina ng kalamnan, bahagyang pagkalumpo
- Nabawasang sekswal kakayahan at pangmatagalang pagkabaog sa mga lalaki
- Pagkaantala ng regla ng mga babae
- Kawalan ng kakayahang magkaroon ng orgasm (mga babae o lalaki)
- Kawalan ng alaala at intelektuwal na kakayahan
- Introversion
- Matinding kalungkutan
- Mga magang may nana sa mukha
- Kawalan ng gana sa pagkain
- Hindi makatulog

Mga nana mula sa paggamit ng mga karayom ay bumubutas sa katawan ng isang 16-gulang na adik



ANG PAGKALULONG SA HEROIN ay nagdudulot ng pisikal at pangkaisipang pagkasira.

"ISANG BESES KO LANG SUSUBUKAN."

BABALA: KAHIT NA ISANG DOSIS LAMANG NG HEROIN AY MAAARING MAKAPAGPASIMULA SA ISANG TAO SA KANYANG LANDAS TUNGO SA PAGKALULONG.

Maraming taong nag-eeksperimento sa heroin ang nag-iisip na, "Susubukan ko ito nang isa o dalawang beses. Puwede naman akong tumigil kahit kailan." Pero natutuklasan ng mga nagsisimula sa landas na iyon na halos hindi na sila makabuwelta. Isipin ang mga sinasabi ni Sam, isang 15-taong gulang na adik: "Kapag una kang tumira, malamang na masuka ka at mandiri, pero hindi magtatagal ay susubukan mo ulit ito. Kakapit ito sa iyo na parang isang nahuhumaling na mangingibig. Ang pagdaloy ng tira at kung paano ka maghangad pa ng mas marami, na para bang pinagkakaitan ka ng hangin—ganoon ka nito ibibilanggo."

Ang banta ng adiksyon ay hindi ang pinakamalalang konsekuwensiya ng pag-eeksperimento sa heroin. Si Jim ay 21 taong gulang at sa gabi ay kadalasang umiinom ng beer kasama ang mga kaibigan. Nakapag-eksperimento na siya sa heroin kaya't noong niyaya siya ng mga kaibigang suminghot ng isang linya, tumanggap siya. Labinlimang minuto pagkatapos na suminghot, nahimatay siya, pagkatapos ay nalubog sa coma na nagtagal nang higit pa sa dalawang buwan. Ngayon, nakagapos siya sa isang wheelchair, hindi makasulat, halos hindi makabasa. Anumang mga pangarap at mga hangaring mayroon siya noon ay wala na.

ANG HEROIN "LOOK"

Noong una ay tinakot ng heroin ang mga tao. Mas kamakailan lang, sinubukan ng ilang taong gawing "uso" ang paggamit ng heroin.

Noong nakalipas na dekada, ang "heroin addict look"—blangkong ekspresyon ng mukha, maputlang kulay, kaitiman sa ilalim ng mga mata, lubog na mga pisngi, sobra-sobrang kapayatan—ay itinataguyod sa sikat na mga magazine at grupo ng mga fashionista bilang "uso."

Tulad ng kung paanong pinasikat ng mga rock star ang LSD noong mga 1960, ganoon din na ang ilang mga fashion designer, mga litratista at mga nagtatrabaho sa advertising ay naka-impluwensiya sa isang buong henerasyon ng mga kabataan, sa pamamagitan ng pagpapakita sa paggamit ng heroin sa mga magazine at mga music video bilang "uso" at kanais-nais pa.

Kakatwa na si Davide Sorrenti (kanan)—ang litratistang may mga gawang katumbas ng "heroin chic"—ay napaulat na namatay sa edad na 20 mula sa overdose (pagkasobra sa dosis ng droga) sa heroin.

ISANG NAPAKADULAS NA PAGDAUSDOS

Ang ilang bata ay naninigarilyo at umiinom habang napakabata pa. Sa pagtatapos nila mula sa mataas na paaralan, halos 40% ng lahat ng mga binata at dalaga ay nakasubok na ng marijuana. Ang ilan ay lilipat na sa mas nakalululong na mga substansya.

Hindi natin puwedeng isiping lahat ng mga batang humihithit ng marijuana ngayon ay magiging mga adik ng heroin kinabukasan. Ngunit naroon ang panganib. At ipinakikita ng matagalang pag-aaral ng mga estudyante ng mataas na paaralan na ilang kabataan ang gumagamit ng ibang droga nang hindi muna sumusubok na gumamit ng marijuana. Sa oras na hindi na makuha ng isang tao ang unang "rush" na hinahanap-hanap niya, sisimulan niyang damihan ang paggamit ng droga o humanap ng mas malakas.

HARAPIN NATIN ANG KATOTOHANAN

Parami nang parami ang mga kabataang nakakatagpo ng ilegal na droga.

Natuklasan ng National Survey on Drug Use and Health (Pambansang Sarbey sa Paggamit ng Droga at Kalusugan) noong 2007 na higit pa sa 9.5% ng mga kabataang edad 12-17 anyos sa Estados Unidos ay kasalukuyang gumagamit ng ilegal na droga. Noong 2007, iniulat ng National Center on Addiction and Substance Abuse sa Columbia University (Pambansang Sentro sa Adiksyon at Pag-abuso sa Mga Substansya) na ang pang-araw-araw na paggamit ng marijuana sa mga estudyanteng pang-kolehiyo ay dumoble, at ang paggamit ng cocaine at heroin ay tumataas rin.

Ayon sa UN Office on Drugs and Crime (Opisina ng Nagkakaisang Mga Bansa para sa Mga Droga at Mga Krimen), noong 2008, isang tinatayang 16 milyong tao ang gumamit ng mga opiate—opium, morphine, heroin at artipisyal na mga opiate.

ANG BAGONG MUKHA NG HEROIN

Ang imahe ng isang matamlay at batang adik sa heroin at nakabulagta sa isang marumi at madilim na eskinita ay luma na. Ngayon, ang bagong adik ay maaaring 12 taong gulang, naglalaro ng mga video game at ikinasisiya ang musika ng kanyang henerasyon. Puwedeng mukha siyang matalino, uso at walang kahit ano sa mga karaniwang bakas ng paggamit ng heroin, tulad ng mga marka ng karayom sa kanyang mga braso.

Dahil matatagpuan ito sa iba't ibang anyo na madaling magamit at mas abot-kaya, ang heroin ngayon ay mas nakaaakit pa kaysa dati. Sa pagitan ng taong 1995 at 2002, ang bilang ng mga binata't dalaga sa Amerika, edad 12 hanggang 17, na gumamit ng heroin sa isang punto man sa buhay nila ay tumaas ng 300%.

Ang isang taong maaaring magdalawang-isip tungkol sa paglalapat ng karayom sa kanyang braso ay maaaring mas handang humithit o lumanghap ng parehong droga. Ngunit hindi talaga makatotohanan ang ipinapangako nito at maaaring bigyan ka nito ng ideya na mas kaunti ang panganib. Ang katotohanan ay ang heroin sa lahat ng anyo nito ay mapanganib at nakaka-adik.

CHEESE HEROIN (KESONG HEROIN)

Isang ganap na nakakalulong na droga na kilala bilang "cheese heroin" ay isang halo ng black tar Mexican heroin (tinatawag na "black tar" dahil sa kulay nito) at gamot na nabibili nang walang reseta ng doktor, tulad ng Tylenol PM.

Ang droga ay nagkakahalaga lamang ng ilang dolyares isang tira at ang mga batang kasing-bata ng 9 taon, naadik sa cheese heroin, ay itinakbo sa mga emergency room ng ospital dahil sa withdrawal sa heroin.

Ang kombinasyon ng dalawang drogang ito ay maaaring makapagpabagal sa mahahalagang mga gawain ng katawan tulad ng paghinga at pagtibok ng puso at maaaring magresulta sa kamatayan. Mula pa noong 2004, ang cheese heroin ay responsable para sa 40 kamatayan man lamang sa rehiyon ng Hilagang Texas, ayon sa lokal na mga awtoridad.

ANO ANG SASABIHIN SA IYO NG MGA NAGBEBENTA

Noong sinarbey ang mga kabinataan at kadalagahan para malaman kung bakit sila nagsimulang gumamit ng droga, 55% ang nagsabing dahil ito sa pang-uudyok ng kanilang mga kaibigan. Gusto nilang maging cool at sikat. Alam ito ng mga nagbebenta.

Lalapitan ka nila bilang isang kaibigan at mag-aalok na "tulungan ka" gamit ang "isang bagay na makapagpapaangat sa kalooban mo." "Tutulungan ka nitong maging 'in'" o "gagawin ka nitong cool."

Ang mga nagbebenta ng droga, inuudyukan ng mga kita na maaari nilang makuha, ay kung anu-ano ang sasabihin para mapabili ka nila ng kanilang droga. Sasabihin nila sa iyong "ang heroin ay isang malambot na kumot" o "ang heroin ang pinakamaganda mong high."

Wala silang pakialam kung sisirain ng mga droga ang buhay mo hangga't sa nababayaran sila. Ang gusto lamang nila ay pera. Inamin ng dating mga nagbebenta na ang tingin nila dati sa mga mamimili ay "mga piyesa sa isang laro ng chess."

Alamin ang mga katotohanan tungkol sa droga. Magkaroon ng sarili ninyong mga desisyon.

Ang Katotohanan Tungkol sa Mga Droga

Ang mga droga ay mga lason. Ang dami na ginamit ang makatitiyak sa resulta.

Ang kaunti ay nagsisilbing pampasigla (nagpapabilis sa iyo). Ang mas marami ay nagsisilbing sedatibo (pinababagal ka). Ang mas marami pa ay nakalalason at maaaring makamatay.

Ito ay totoo sa kahit anumang droga. Tanging ang daming kinakailangan para makamit ang epekto ang naiiba.

Ngunit maraming droga ang may ibang panganib: ang mga ito ay direktang nakaaapekto sa isipan. Maaaring pasamain ng mga ito ang pag-unawa ng gumagamit sa nangyayari sa kanyang paligid. Bilang resulta, ang mga kilos ng taong iyon ay maaaring maging kakaiba, hindi makatwiran, hindi naaangkop at maaari pang mapanira.

Hinaharangan ng mga droga ang lahat ng mga pandama, ang mga kanais-nais ay pinapalitan ng mga hindi kanais-nais. Kaya habang nagbibigay ng panandaliang tulong sa anyo ng pagpapaginhawa sa sakit, pinapatay rin nila ang kakayahan at ang pagkalisto at pinapalabo ang pag-iisip ng isang tao.

Ang mga medisina ay mga drogang inilayon para mapabilis o mapabagal o mabago ang isang bagay tungkol sa paano gumagana ang iyong katawan, para subukang mapahusay ang paggana nito. Minsan ay kinakailangan ang mga ito. Ngunit ang mga ito ay mga droga pa rin: kumikilos ang mga ito bilang mga pampasigla o mga sedatibo, at ang sobra ay makamamatay sa iyo. Kaya't kapag hindi mo gagamitin ang mga medisina tulad ng kung papaano dapat gamitin ang mga ito, maaaring maging kasing-panganib ng ilegal na mga droga ang mga ito.


Ang tunay na kasagutan ay
ang alamin ang
mga katotohanan at hindi
gumamit ng mga droga sa
simula pa lamang.

BAKIT GUMAGAMIT NG DROGA ANG MGA TAO?

Gumagamit ng droga ang mga tao dahil may gusto silang baguhin sa buhay nila.

Heto ang ilan sa mga dahilan sa paggamit ng mga droga na ibinigay ng mga kabataan:

- Para makibagay
- Para “makatakas” o makapag-relaks
- Para mapawi ang pagkabagot
- Para maging parang matanda
- Para magrebelde
- Para mag-eksperimento

Akala nila na ang mga droga ay solusyon. Ngunit kalaunan, ang mga droga ang nagiging problema.

Mahirap mang harapin ang mga problema, ang mga kalalabasan ng paggamit ng droga ay palaging mas malala kaysa sa problemang sinusubukang lutasin sa paggamit ng mga ito. Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.

MGA SANGGUNIAN

United Nations Office on Drugs and Crime World Drug Report 2008

White House Office of National Drug Control Policy

National Institutes of Health (U.S.)

Drug Enforcement Administration (U.S.)

"Research Report Series—Heroin Abuse and Addiction," National Institute on Drug Abuse (U.S.)

Department of Health and Human Services (U.S.)

Center for Substance Abuse Research (U.S.)

"Treatment Episode Data Set (TEDS) Highlights—2006," Substance Abuse and Mental Health Services Administration

"Results from the 2007 National Survey on Drug Use and Health: National Findings," Substance Abuse and Mental Health Administration (U.S.)

National Library of Medicine (U.S.)

American Council for Drug Education's Annals of Internal Medicine (April 1999)

The Lancet (UK)

Laboratory of the Municipal Police Amsterdam

Columbia University Medical Center

World Health Organization

European Monitoring Centre on Drugs and Drug Addiction

"Teen Charged in 'Cheese Heroin' Death, Jeremy Landers, AP, 28 Feb 2008

"Message from the Chairman," The National Center on Addiction and Substance Abuse of Columbia University, Fall 2008

PHOTO CREDITS:
Page 5, 12: istock.com/Peeter Viisimaa;
Page 6: istock.com/Stephanie Horrocks;
Page 13: Stockxpert;
Page 13: U.S. Treasury Department, Bureau of Narcotics/heroin addict;
Page 15: Courtesy of Francesca Sorrenti

Milyong mga kopya ng mga booklet na tulad nito na mababasa sa 22 wika ay ipinamahagi sa mga tao sa buong mundo. Sa pagsulpot ng bagong mga droga sa mga kalsada at mas maraming impormasyon tungkol sa kanilang mga epekto ang nalalaman, dinaragdagan ng impormasyon ang mga booklet na nagawa na at lumilikha rin ng mga bagong booklet.

Ang mga booklet na ito ay inilalathala ng Foundation for a Drug-Free World, isang hindi kumikitang organisasyong nakalaan para sa pampublikong benepisyo na nakasentro sa Los Angeles, California.

Ang Foundation ay nagbibigay ng pang-edukasyong materyales, payo at koordinasyon para sa pandaigdigang network nito para sa pag-agap sa paggamit ng droga. Nakikipagtulungan ito sa mga kabataan, mga magulang, mga tagapagturo, mga organisasyon ng mga boluntaryong manggagawa at mga ahenteng pang-gobyerno—sinumang may interes sa pagtulong sa mga taong mabuhay nang malaya mula sa pang-aabuso sa droga.

MGA KATOTOHANANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang booklet na ito ay isa sa mga serye ng publikasyong tumatalakay sa mga katotohanan tungkol sa marijuana, alcohol, Ecstasy, cocaine, crack cocaine, crystal meth at methamphetamine, mga de-langhap, heroin, LSD at pang-aabuso sa mga inireresetang droga. Taglay ang impormasyong ito, maaaring makagawa ang mambabasa ng desisyong mabuhay nang malaya sa droga.

Para sa karagdagang impormasyon o para makakuha ng mas marami pang mga kopya nito o iba pang mga booklet sa seryeng ito, kontakin ang:

Foundation for a Drug-Free World
6331 Hollywood Boulevard
Los Angeles, CA 90028 USA

www.drugfreeworld.ph • e-mail: info@drugfreeworld.ph
Telepono: 1-888 NO TO DRUGS (1-888-668-6378)

© 2018 Foundation for a Drug-Free World. Sarili Ang Lahat ng Karapatan. Ang logo ng Foundation ay isang tatak-pangkalakal na pagmamay-ari ng Foundation for a Drug-Free World. Item #20841-2-FIL